PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa atin ng Kanyang Salita, na siyang batayan ng ating pananampalataya. Pasalamatan Siya sa pagpapakilala Niya ng Kanyang sarili bilang sagot sa paghahangad mo sa Kanya at sa Kanyang Salita araw-araw.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan upang patuloy na makipag-usap at tumugon sa Kanya nang may pananampalataya.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang isang taong nangangailangan ng kalakasan mula sa Kanyang Salita. Mangakong ipapangaral mo sa taong ito ang ebanghelyo.

NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

Pananampalataya at ang Salita

WARM-UP

- Masasabi mo ba na ikaw ay isang taong hindi tumitigil hangga't hindi nakukuha ang gusto? Bakit oo o bakit hindi?
- Paano mo ipapaliwanag ang salitang "pagtitiwala"?
- Nagawa mo na bang maghintay na tuparin ng isang tao ang ipinangako niya sa iyo. Ikuwento kung ano ang nangyari.

WORD

Noon, isang wika lang ang ginagamit ng lahat ng tao sa buong mundo. **MGA HEBREO 11:1**

(Basahin din ang **GENESIS 12:1-4.**)

Tinawag ng Diyos si Abraham at sinabi Niya kung ano ang mga pangako at plano Niya sa kanyang buhay. Bagamat hindi pa ganap na kilala ni Abraham ang Diyos, sumunod siya ayon sa kanyang pananampalataya. Ang Salita at utos ng Diyos ang batayan ng ating pananampalataya dahil alam natin na ang nagbigay ng salita ay matapat. Ngayon, titignan natin ang pananampalataya bilang nararapat na tugon sa Salita ng Diyos.

1 Nagkakaroon ng pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita.

Sasampalataya lang ang tao kung maririnig niya ang mensahe tungkol kay Cristo, at maririnig lang niya ito kung may mangangaral sa kanya. **MGA TAGA-ROMA 10:17**

Ang simula ng pananampalataya ay ang pagtanggap ng Salita ng Diyos. Dahil sa ang Salita ng Diyos ang batayan ng ating pananampalataya, dapat ay lagi tayong nakikipag-usap sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang Salita at pananalangin sa Kanya. Gaya ni Abraham, dapat ay handa tayong tumanggap ng Salita mula sa Diyos. Paano ka nagiging mas sensitibo sa tinig ng Diyos habang lumalalim ang pananampalataya mo?

2 Napapatunayan ang pananampalataya ng pagsunod sa Salita.

Kaya umalis si Abram sa Haran at pumunta sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya. Nasa 75 taong gulang noon si Abram. **GENESIS 12:4**

Pinatunayan ni Abraham ang pananampalataya niya sa Diyos nang magpunta *siya sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon*, kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. Napapatunayan natin ang ating pananampalataya kung tayo ay sumusunod sa mga utos ng Diyos. May utos ba ang Diyos na sinasabi Niyang sundin mo?

3 Ang pananampalataya sa Kanyang Salita ay nagdadala ng pagpapala.

[13]Ang mga tao sa Sodom ay talamak na makasalanan. Labis ang pagkakasala nila laban sa Panginoon. Lumipat si Abram sa Hebron. [14]Nang nakaalis na si Lot, sinabi ng Panginoon kay Abram, "Mula sa kinatatayuan mo, tingnan mong mabuti ang paligid. [15]Ang lahat ng lupain na maaabot ng paningin mo ay ibibigay ko sa iyo at sa mga lahi mo, at magiging inyo ito magpakailanman. **MGA HEBREO 6:13-15**

Hindi alam ni Abraham kung ano ang mangyayari sa buhay niya matapos niyang sumunod sa Diyos at maniwala sa Kanyang mga pangako. Subalit pinili niyang kumilos nang may pananampalataya, at siya ay matiyagang naghintay. Dahil dito, ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa pamamagitan ng pagtupad ng Kanyang mga ipinangakong pagpapala kay Abraham. Balikan ang isang pagkakataon na pinagpala ka ng Diyos matapos mong kumilos nang may pananampalataya. Ano ang nangyari?

APPLICATION

- Nakaugalian mo na bang humingi ng Salita mula sa Diyos araw-araw? Mangako na magbabasa at mag-aaral ka ng Salita ng Diyos sa isang takdang oras at lugar araw-araw.
- May utos ba ang Diyos na gusto Niyang sundin mo, o kaya ay pangako na gusto Niyang angkinin mo? Paano lalalim ang relasyon mo sa Diyos habang tumutugon ka sa Kanya nang may pananampalataya ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nangangailangang maniwala at makatanggap ng pagpapala ng Diyos? Paano mo mapapalakas ang kanyang kalooban dahil sa mga natutunan mo ngayon?